## Mga pag-aaral at training:

Nag-aalok din kami ng libreng edukasyon at training upang mapigilan at matugunan ang sekswal na panliligalig sa trabaho.



## Paano kami makokontak?

SHARP WORKPLACES

CLAS

**Website:** clasbc.net/sharpworkplaces

**Telepono:** 604-673-3143
**Toll-free o libre:** 1-888-685-6222

**Mag E-mail sa:**
SHARPWorkplaces@clasbc.net


Para sa referrals sa support services pagkatapos ng 5 p.m. Tumawag sa VictimLinkBC 1-800-563-0808

**Pinopondohan ng**

Department of Justice Canada | Ministère de la Justice Canada

[Filipino]

CLAS Community Legal Assistance Society



# Payo ukol sa Sekswal na Panliligalig, Pagtugon at Pagsugpo nito sa mga Lugar ng Trabaho

SHARP WORKPLACES

May karapatan ka sa trabaho na ligtas sa panliligalig o harassment.

**Magkaroon ng sapat na kaalaman.**

Makokontak kami nang libre para sa kumpidensyal na legal na payo tungkol sa sekswal na panliligalig sa trabaho.




## Ano ang SHARP Workplaces?

Ang SHARP Workplaces Legal Advice Clinic na pinapalakad ng Community Legal Assistance Society (CLAS) ay naglalaan ng libreng legal na payo, edukasyon, at impormasyon upang matugunan ang sekswal na panliligalig sa lugar ng trabaho sa British Columbia.

## Sino kami?

Ang CLAS ay isang non-profit organization na nag-aalok ng legal na tulong para sa mga British Columbian.

## Ano ang sekswal na panliligalig sa trabaho?

Ang sekswal na panliligalig sa trabaho ay ang mga hindi kanais-nais na sekswal na pag-uugali na maaring nararanasan mo sa trabaho o may kaugnayan sa iyong trabaho.

## Kabilang sa mga halimbawa ng sekswal na panliligalig ang:

**Hindi kanais-nais na paghipo, pagtapik, o pagyakap**

**Mga sekswal na pagtitig, pagkilos, panunukso, o pagbibiro**

**Nagpapakita ng mga sekswal o nagpapahiwatig na bagay o mga puna, kabilang ang sexting**

**Paulit-ulit na mga 'di gustong pag-imbita o atensyon mula sa isang kasamahan sa trabaho**

**Pakiramdam na dapat mong tanggapin ang sekswal na pag-uugali upang matanggap ka sa trabaho, manatili o ma-promote sa trabaho**

**Walang respetong mga puna tungkol sa pagpapahayag ng kasarian ng isang tao**

**Paghalay o sexual assault**





## Humingi ng legal na payo:

Kung nakaranas ka ng sekswal na panliligalig sa trabaho sa BC, maaari kang makatanggap ng hanggang **limang oras na libreng kompidensyal na legal na payo** mula sa isang abogado.

## Nagbibigay kami ng:

- Payo kung paano matugunan ang sekswal na panliligalig sa iyong trabaho
- Impormasyon tungkol sa iyong mga legal na opsyon
- Tulong sa pagrepaso o pag-draft ng mga dokumento
- Coaching upang patnubayan ka sa isang reklamo o legal na proseso
- Referrals sa mga services para sa karagdagang suporta, tulad ng counselling, employment services, at peer support

## Ano ang hindi kabilang sa aming gawain:

- Ang mga abogado na may SHARP Workplaces ay hindi maaaring pumunta sa korte o tribunals para sa iyo